Hindi natitigil ang puso ng matanda [sa pagiging] binata sa dalawa: sa pag-ibig sa Mundo at haba ng pag-asa."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Hindi natitigil ang puso ng matanda [sa pagiging] binata sa dalawa: sa pag-ibig sa Mundo at haba ng pag-asa."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang matandang lalaki ay tumatanda at nanghihina ang katawan niya subalit ang puso niya ay binata ayon sa pag-ibig sa dalawa: Una. Sa pag-ibig sa Mundo dahil sa dami ng yaman. Ikalawa. Sa haba ng buhay, edad, pamumuhay at pag-asa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66221